



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-31 ng Oktubre, 2025

Mas Maraming mga Vote Center ang Bukas sa Sabado para sa Espesyal na Eleksyon sa Nobyembre

Ang mga karagdagang vote center ay magbubukas sa Sabado, na magpapahintulot sa mga botante na bumoto nang maaga sa alinman sa 68 vote center sa county. Mas kaunti ang mga lokasyon ng mga vote center para sa espesyal na eleksyon na ito, kung nais ninyong maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon para bumoto, dapat ninyong asahan na mahahaba ang mga pila.

Ang mga oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Lunes, Ika-3 ng Nobyembre. Sa pinal na araw ng pagboto, Martes, Ika-4 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Maaari kayong bumisita sa alinmang vote center sa county. Hanapin ang lokasyon na malapit sa inyo sa sdvote.com.

Pinapalitan ng mga vote center ang mga lugar ng botohan at nagbibigay ng mas maraming mga [serbisyo](#). Maaari kayong:

- Bumoto nang personal o maghulog ng balotang pangkoreo
- Bumoto gamit ang isang aksesibol na ballot marking device (BMD)
- Tumanggap ng tulong at materyales sa eleksyon sa maraming wika
- Magparehistro upang makaboto o mag-update ng inyong rehistrasyon ng botante at bumoto sa araw din na iyon

Ang mga botante ay maaaring gumamit ng touch-screen upang gawin ang kanilang mga seleksyon sa [mga ballot marking device](#). Kapag natapos na, ipi-print ng botante ang opisyal na balota, ire-review, ilagay ito sa secrecy sleeve, at ibigay ito sa manggagawa sa botohan para ilagay ito sa loob ng ballot box upang mabilang sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang ballot marking device (BMD) ay hindi nagtatabi, nagta-tabulate o nagbibilang ng alinmang mga boto.

Tandaan na ang pangangampanya at electioneering sa loob ng 100 talampakan mula sa isang vote center o lokasyon ng ballot drop box ay hindi pinapayagan. Kabilang dito ang pagdi-display ng nakikita o naririnig na pagpapakalat ng impormasyon na nagtataguyod para sa o laban sa anumang mga kontest sa balota. Dagdag pa rito, ang isang indibidwal ay hindi maaaring magpakalat ng anumang mga petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referenda, recall o mga nominasyon ng kandidato.



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-31 ng Oktubre, 2025

Huwag patagalin! Kung hawak pa ninyo ang inyong balota, kumilos na at bumoto mula sa kaginhawaan ng inyong tahanan. Pirmahan at petsahan ang inyong sobrang pagbabalikan, i-seal ang inyong kumpletong balota sa loob at isauli ito sa pamamagitan ng koreo o sa alinman sa [mahigit 140 opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro](#).

Ang mga secure na stand-alone na drop box ng Tagapagrehistro ay nagtatampok ng logo ng Tagapagrehistro kasama ang seal ng County at may label na "Opisyal na Ballot Drop Box." Maghanap ng isang malapit sa inyo sa pamamagitan ng [online locator map ng Tagapagrehistro](#) o sa loob ng inyong [pamphlet ng impormasyon ng botante](#). I-check ang mga oras ng operasyon ng bawat lokasyon bago pumunta sa [sdvote.com](#). Ang lahat ay magsasara sa ika-8 ng gabi sa Ika-4 ng Nobyembre.

Kapag mas maaga na matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas maaga rin itong mapoproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.

Ang mga botante sa buong estado ay magpapasya kung aaprubahan ang Proposisyon 50, isang pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado na may kinalaman sa muling-pagdidistributo. Maaari kayong matuto nang higit pa tungkol sa proposisyong ito sa [Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California \(English Lamang\)](#).

Ang mga botante na naninirahan sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Poway ay magkakaroon ng karagdagang katanungan sa kanilang balota. Ang mga botante ng Ika-2 Distrito ng Poway ay magpapasya kung aalisin sa katungkulan ang kanilang nahalal na representante sa konseho ng lungsod. Tanging ang mga botante na nakatira sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Poway ang maaaring bumoto para sa kontest na ito. Kung hindi ka sigurado kung nakatira ka sa distrito, maaari ninyo itong tingnan sa [sdvote.com](#).

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa [espesyal na eleksyon sa Nobyembre](#) sa [sdvote.com](#), o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER   

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101